Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-ANIM NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-8 NG PEBRERO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
3.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Kagawad
4.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
5.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
6.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
7.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
8.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
9.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
10.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

****

KAPASIYAHAN BLG. 23-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan Kag. Tiongco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY NG PAGTANGGAP SA MGA DAAN NG ROSEVILLE SUBDIVISION NA MATATAGPUAN SA BARANGAY DITA AT ANG PAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG-BAYAN NA LUMAGDA SA ANUMANG KASULATAN PARA SA PAGLILIPAT NG PAGMAMAY-ARI NG MGA NABANGGIT NA DAAN SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA.

SAPAGKA'T, ang may-ari at tagapag-unlad ng Roseville Subdivision ay naghain ng kahilingan na matanggap ng pamahalaang bayan ang pagmamay-ari ng mga daan at "open space", na kinatigan ng Samahan ng mga naninirahan sa nabanggit na subdibisyon;

SAPAGKA'T, ang Tanggapan ng Pambayang Inhinyero ay nagsulit ng Ulat ng Pagbibisita na nagsasaad na sila ay nagsagawa ng pagbibisita at pinatutunayan nila na ang mga daan sa subdibisyon ay ginawa sang-ayon sa plano ng subdibisyon na nasasa tanggapan ng Pambayang Taga-taya;

SAPAGKA'T, ang pagpapatibay sa kahilingan ay magiging kapaki-pakinabang sa nakararaming mamamayang taga-Barangay Dita;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtanggap sa mga daan ng Roseville Subdivision na matatagpuan sa Barangay Dita at ang pagbibigay pahintulot sa Punong-bayan na lumagda sa anumang kasulatan para sa paglilipat ng pagmamay-ari ng mga nabanggit na daan sa pamahalaang bayan ng Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-6 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-8 ng Pebrero, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim